# MGA PARIRALANG PANG-ABAY, MGA PANUTO SA BABALA AT IBA PA

*Sa pagsunod sa lahat ng nakalistang gawain sa modyul na ito matututunan mo ang tamang paraan ng pagsasagawa ng mga nakalimbag na panuto, babala, pagsusulat o anumang gawaing pang-upuan (seatwork). Matutukoy mo na rin at mauuri ang mga pariralang pang-abay: pamanahon, panlunan o pamaraan.*



## Pagbalik-aralan Mo

**A. Piliin ang mga pandiwa sa pangungusap. Ilista sa inyong sagutang kuwaderno.**

1. Nahulog sa ilalim ng mesa ang kutsara.
2. Tumatakbo nang matulin ang mga sasakyan.
3. Nakabili kahapon ng bagong TV ang kapitbahay namin.
4. Tumakas noong nakaraang linggo ang 7 bilanggo sa piitang bayan.
5. Magagandang bulaklak ang pinitas nila sa halamanan.
6. Masisipag lang ang tinatanggap na manggagawa sa paggawaan ng sapatos.
7. Lumipat na sila ng tirahan sa San Pedro, Laguna.
8. Ang grupo nila ay sumasayaw sa entablado.
9. Naglaro nang mahusay si Jempot kaya sila nanalo.
10. Nagtanim maghapon ang mga magsasaka.

**Ganito ba ang nakalistang sagot mo? Habang tinitingnan mo kung tama ang mga inilista mo, sasagutin mo naman ang mga tanong sa loob ng panaklong. Ilista mo rin uli.**

1. Nahulog (Saan nahulog ang kutsara?)
2. Tumatakbo (Paano tumatakbo ang mga sasakyan?)
3. Nakabili (Kailan nakabili ng TV ang kapitbahay?)
4. Tumakas (Kailan tumakas ang 7 bilanggo?)
5. Pinitas (Saan pinitas ang magagandang bulaklak?)

6. Tinanggap (Saan tinanggap ang masisipag na manggagawa?)
7. Lumipat (Saan sila lumipat ng tirahan?)
8. Sumasayaw (Saan sumasayaw ang grupo nila?)
9. Naglaro (Paano naglaro si Jempoy?)
10. Nagtanim (Gaano katagal nagtanim ang mga magsasaka?)

Ngayon, tingnan mo rin kung tama ang mga sagot mo sa mga nasa loob ng panaklong.

1. sa ilalim ng mesa
2. nang matulin
3. kahapon
4. Noong nakaraang linggo
5. sa halamanan
6. sa pagawaan ng sapatos
7. sa San Pedro, Laguna
8. sa entablado
9. nang mahusay
10. maghapon

Kapag mababa sa 14 ang tamang sagot mo sa dalawang pagsasanay pag-aralan mo muna ang modyul tungkol sa pandiwa at modyul sa pagsagot ng mga tanong ng Saan, Paano at Kailan? Kapag nakakuha ka ng 14 pataas magpatuloy ka.

## Pag-aralan Mo

### BASAHIN ANG BABALA

INAALAGAANG MABUTI ANG MGA PUNUNGKAHOY SA GUBAT. ITINANIM NANG MAAYOS ANG MGA PUNO RITO. PARURUSAHAN NANG MABIGAT ANG MANINIRA NG PUNUNGKAHOY. SUMUNOD NANG MATAIMTIM SA BATAS NG KAGUBATAN.

Ano ang pandiwa sa unang pangungusap? (Inaalagaan) Paano inaalagaan? (Mabuti) Anong salita ang binibigyang turing ng salitang mabuti? (Inaalagaan) Anong bahagi ng pananalita ang mabuti? (Pang-abay)

Ano ang pandiwa sa ikalawang pangungusap? (Itinanim) Paano itinanim? (Maayos) Anong salita ang binibigyang turing ng maayos? (Itinanim) Anong bahagi ng pananalita ang maayos? (Pang-abay) **<u>Ang mga salita at pariralang naglalarawan o nagbibigay turing sa pandiwa ay tinatawag na pang-abay.</u>**

Anu-ano yong salita at mga pariralang nagbibigay turing sa pandiwa? Tingnan natin ang mga may bilog.

<u>inaalagaang</u> mabuti

<u>itinatanim</u> nang maayos

<u>parurusahan</u> nang mabigat

sumunod nang mataimtim

malugod na gumawa

mabilis na tumayo

sumunod nang mataimtim

Ang salitang may bilog ay sumasagot sa tanong na <u>paano ginawa</u>, ginagawa o gagawin. Ito ang <u>paraan ng pagkakagawa ng kilos</u>. Pang-abay na pamaraan ang tawag dito.

Pariralang pang-abay ang parirala na nagbibigay turing sa pandiwa tulad ng <u>nang maayos</u>, <u>nang mabigat</u>, <u>nang mataimtim</u>, <u>malugod na</u> at <u>mabilis na</u>.

Karagdagang Tanong:

Bakit kailangang alagaan ang mga punungkahoy sa gubat?
Ano ang maaaring mangyari?
Bakit ipinagbabawal ang paninira ng punungkahoy?
Ano ang mangyayari kung di natin pangangalagaan ang ating mga punungkahoy sa kagubatan?
Ano naman ang mangyayari kung hindi susundin ng mga tao ang babala?
Kaya mo bang sumunod sa babala?

Suriin pa ang sumusunod na babala.

| |
|---|
| IWASAN ANG PAGPAPATAKBO NANG MATULIN.<br>MAY MALALIM NA HINUHUKAY DITO. |

Mga driver ba ang pinatutungkulan. Bakit kaya?
Ano ang mga pandiwa sa mga pangungusap?
Ano naman ang mga pariralang pang-abay na pamaraan?
Bakit kailangan natin sumunod sa mga babala?
Ano ang mangyayari kung hindi susundin ng mga tao ang babala?

Basahin ang patalastas.

> Sa Hulyo 25 magtuturo ng tamang paglalaro ng basketball ang mga beteranong manlalaro. Gaganapin ito sa paaralang Ateneo de San Jose.
>
> Ang pagsasanay ay gagawin sa gym ng mababang paaralan.
>
> Ang mga nais lumahok ay maaaring magpatala sa Klab pang-isports ng Lungsod ng San Jose.
>
> Hahanapin si G. Jim Bulwak sa gusaling pang-isports ng paaralan. Siya ang namamahala ng pagsasanay.

Ano ang ipinahahayag ng patalastas? (Nagbibigay impormasyon tungkol sa gaganaping pagtuturo ng paglalaro ng basketball)
Anu-anong mahahalagang impormasyon ang nakalagay rito?
Nakalagay rito ang mga dapat malaman ng mga gustong lumahok sa pagsasanay ng larong basketball.

Suriin ang pangungusap.

1. Ang pagtuturo sa tamang paglalaro ng basketball ay gaganapin sa Ateneo de San Jose.

2. Ang pagsasanay ay gagawin sa gym ng mababang paaralan.

3. Maaaring magpatala sa Klab pang-isports ng Lungsod sa namamahala ng pagsasanay.

4. Hanapin sa gusaling pang-isports ang namamahala ng pagsasanay.

Punuan mo ang patlang. Nagawa na ang unang pangungusap.

Ang pandiwa sa unang pangungusap ay – ay gaganapin
Saan gaganapin? sa Ateneo de San Jose. Ito ang nagbibigay turing sa pandiwa. Ito ang pariralang pang-abay.

Ang pandiwa sa ikalawang pangungusap ay - ___________________________
Saan gagawin? ______________________
Ang pandiwa sa ikatlong pangungusap ay - _________________________
Saan maaaring magpatala? ____________________________
Ang pandiwa sa ikaapat na pangungusap ay - _______________________
Saan hahanapin ang namamahala? _______________________

Pansinin na ang mga pariralang pang-abay ay tumutugon sa tanong na saan. Ibig sabihin ang sagot ay mga pook.
Ang mga pariralang ito ay tinatawag na pariralang pang-abay na panlunan o pampook

Bumasa naman tayo ng panuto para sa darating na pagsusulit.

Lapis at pambura ang inyong dadalhin sa araw ng pagsusulit. . Pumasok nang maaga upang di mahuli sa iksamen. Sa ganap na ika-8 ng umaga magsisimula ang pagsusulit. Bawat asignatura ay may isang oras ang takda. Tatlong asignatura ang isasagawa sa Lunes. Dalawa naman ang gagawin sa kasunod na araw.

Ano ang dadalhin sa araw ng pagsusulit?
Bakit kailangang maging maaga?
Ilang oras aabot ang bawat pagsusulit?
Ilang araw ang itatagal ng pagsusulit sa limang asignatura?
Naintindihan mo ba ang panuto. Masusunod mo ba at maisasagawa?

Suriin ang mga pangungusap.

1. Lapis at pambura ang inyong dadalhin sa araw ng pagsusulit.
2. Pumasok nang maaga upang di mahuli sa iksamen.
3. Sa ganap na ika-8 ng umaga magsisimula ang pagsusulit.
4. Tatlong asignatura ang isasagawa sa Lunes.
5. Dalawa naman ang gagawin sa kasunod na araw.

**Pansinin:**

Ang mga salitang may salungguhit ay ang mga pandiwa. Ang mga nasa kahon ay mga pariralang pang-abay. Nagbibigay turing ito para sa pandiwa.

Ang mga pariralang nasa kahon ay magsasabi kung kailan gagawin o ginawa ang kilos. Nagsasabi ito ng panahon o oras. Tinatawag itong pariralang pang-abay na pamanahon. Tumutugon ito s tanong na Kailan.

Kailan dadalhin? ______________________
Kailan papasok? ______________________
Kailan magsisimula? ____________________
Kailan isasagawa? ____________________
Kailan gagawin? _____________________

## Isaisip Mo

- Na ang pariralang naglalarawan kung paano ginawa ang kilos ay mga pariralang pang-abay na pamaraan.
- Na ang mga pariralang tumutukoy kung saan ang pook o lunan na pinangyarihan ng kilos o gawa ay mga pariralang pang-abay na panlunan.
- Na ang mga pariralang nagsasabi kung kailan ginawa, ginagawa o gagawin ang kilos o pangyayari ay mga pariralang pang-abay na pamanahon.
- Na ang mga panuto sa babala, patalastas pagsusulit at gawaing pang-upuan ay mahahalagang bagay o impormasyon na dapat maintindihan upang maisagawa nang tama ang nakasaad.



## Pagsanayan Mo

**A. Isulat kung ang mga pariralang pang-abay na may salungguhit ay pamaraan, panlunan o pamanahon.**

1. Tulung-tulong na naglilinis ang mga tao bago magpiyesta.
2. Umusad nang dahan-dahan ang mga sasakyan.
3. Sila'y nagtatanim sa mga bukiring may patubig.
4. Nahuhuli sa dagat na malapit sa Estancia ang maraming isda.
5. Sa Linggo ng hapon magpupulong ang mga magulang at guro.
6. Tuwang-tuwa at patalun-talon na sumalubong ang kanyang aso.
7. Umalis siya na mabigat ang damdamin.
8. Naglilinis sila ng silid aralan pagkatapos ng pulong.
9. Iwinawagayway ang watawat tuwing may pambansang pagdiriwang.
10. Ang matitibay na kahoy ay matatagpuan sa kagubatan ng Pilipinas.

Tingnan mo kung tama ang sagot mo.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | pamaraan | 6. | pamaraan |
| 2. | pamaraan | 7. | pamaraan |
| 3. | panlunan | 8. | pamanahon |
| 4. | panlunan | 9. | pamanahon |
| 5. | pamanahon | 10. | panlunan |

**B. Ano ang dapat gawin sa ganitong kalagayan? Piliin ang titik ng tamang sagot.**

1. Nakita ni Nestor sa pintuan ang ganito:

   **May aso. Nangangagat!**

   Ano ang dapat niyang gawin?

   a. Pumasok nang tuluy-tuloy sa loob.
   b. Magpasama sa kapitbahay.
   c. Tumawag sa maybahay bago pumasok.

2. Sa isang ginagawang gusali, may nakalagay na:

**Mapanganib!**
**Huwag Dumaan Dito**

Ano ang dapat niyang gawin?

a. Iwasang dumaan dito.
b. Magsuot ng matigas na sumbrero.
c. Lumakad nang mabilis pag natapat dito.

Pag-aralan ang sumusunod na patalastas at sagutin ang mga kasunod na tanong.

**MILO BEST SA HULYO 4**

Pasisimulan sa Hulyo 4 ng Milo Best Center ang pagtuturo ng paglalaro ng basketball sa gym ng Ateneo de Manila.

Gagawin ang klase sa antas ng 1-4 para sa mga baguhan simula ika-8:00 hanggang ika-11:00 ng umaga.

Maaaring magpatala ang mga nais lumahok sa Quezon City Sports Club o kaya tumawag sa telepono bilang 99-48-68.

Hanapin si G. Deoferic Eyron

3. Nais mong matuto ng paglalaro ng basketball. Nakita mo ang patalastas sa itaas. Sagutin ang mga sumusunod:

Kailan magsisimula ang pagsasanay? ____________________
Saan gagawin ang pagsasanay? ___________________
Saan maaaring magpatala? _____________________
Anong oras gagawin ang pagsasanay sa mga baguhan? _______
Kanino dapat magpatala? ___________________

Ganito ba ang sagot mo?

1. c
2. a
3. Kailan magsisimula? sa Hulyo 4
   Saan gagawin? sa gym ng Ateneo de Manila
   Saan magpapatala? sa Quezon City Sports Club
   Anong oras para sa baguhan? Ika-8 hanggang ika-11 ng umaga
   Kanino dapat magpatala? kay G. Deoferic Eyron

Ngayon tingnan natin kung kaya mo na.

## Subukin Mo


**A. Sa tulong ng salita at ng larawan gumawa ng pangungusap na may pariralang pang-abay na pamaraan.**

Halimbawa: umiiyak



Sagot: Umiiyak | nang ubod ng lakas | ang sanggol.

1. tahimik



Sagot: ______________________________

______________________________

2. maingat

Sagot:




3. buong husay



Sagot:

4. mabagal



Sagot:

5. sagad sa tulin



Sagot:

**B. Piliin at isulat sa kuwadernong sagutan ang <u>limang pariralang pang-abay na panlunan</u> na matatagpuan sa balita.**

**385 Piraso ng Troso, Nakumpiska**

Isang opisyal ng Community Environment and Natural Resources ang nag-ulat ng 385 piraso ng trosong nara ang nakumpiska ng mga bantay-gubat sa Barangay Zabali at sa Poblacion, Baler, Quezon.

Nagpapatrulya ang mga Bantay-Gubat sa mga karatig-pook nang makita nila ang mga sasakyan ay puno ng mga trosong nara. Kaagad na pinahinto ng mga Bantay-Gubat at pinatigil sa gilid ng kalsada. Hinuli nila ang mga may-ari at dinala sa himpilan ng pulisya. Pagkatapos ng mahabang tanungan, ang mga ito ay pansamantalang ikinulong sa piitang pambayan ng Baler, habang inihahanda ang demanda sa kanila.

C. Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang sumusunod na pariralang pang-abay na pamanahon.

1. sa malimit na pagkikita
2. noong Linggo ng tanghali
3. sa Sabado ng umaga
4. halos madaling araw na
5. hanggang mamayang gabi

D. Panuto: Pag-aralan ang bawat kalagayan.
Ano ang dapat gawin?

1. **Mag-ingat: Malambot ang Semento**

   a. Lumihis ng daan.
   b. Magtuluy-tuloy sa paglakad.
   c. Lumakad dito nang marahan.

2. **Magpatakbo nang marahan.**
**Tawiran ng malalaking sasakyan.**

a. Lalong bilisan ang pagpapatakbo ng sasakyan.
b. Mag-ingat sa pagmamaneho.
c. Tumigil tingnan kung may daraang mga sasakyan.

3. Nakalagay ito sa hagdan na paaralan.

**MAG-INGAT SA PAGHAKBANG.**

a. Bumaba nang sabay-sabay.
b. Maging maingat sa pagbaba at pagpanhik.
c. Maghabulan sa pagbaba at pagpanhik.

E. Pag-aralan.

**NANGANGAILANGAN:**

**Modelo at Mang-aawit**

May gulang ng 18 – 23 taon
Listo at maganda
Taas – 5' 6" Talampakan
Buwanang Sahod: P5,000

Magsadya ng personal sa:

MAMBO MODELING AGENCY
Poblacion, Marikina City
Telepono: 890-20-56
Hanapin si Lumin at Marissa

1. Ano ang kailangan ng kompanya?

    a. Mananahi at Labandera
    b. Modelo at Mang-aawit
    c. Mangungulot at Manikurista

2. Magkano ang ibibigay na sahod?

    a. P2,000 bawat buwan
    b. P5,000 bawat buwan
    c. P3,000 bawat buwan

3. Gaano kataas ang hinahanap?

    a. Anim na talampakan
    b. Lima at kalahating talampakan
    c. Limang talampakan

4. Saan dapat magtungo ang aplikante?

    a. Sa Mambo Modeling Agency
    b. Sa kaibigan
    c. Sa tahanan ng may-ari

5. Sino ang dapat hanapin?

    a. Thea at Clarita
    b. Lumin at Marissa
    c. Nerisa at Melba

**TRABAHO AGAD**

**OPERATOR NG MAKINA**


**SA PAGGAWA NG LACE**

Maaaring Lalaki o Babae
Nasa pagitan ng 18-35 taong gulang
May isang taong karanasan sa paghawak ng makinang paggawa ng lace

Magsadya ng personal at magdala ng:

1 x 1 larawan sa: 36 Anonas St., Mandaluyong City

6. Anong gawaing naghihintay sa isang aplikante? ________________
7. Gaano ang edad ng aplikanteng kailangan? _______________
8. Ano ang dapat dalhin sa pag-aaplay ng trabaho? ______________
9. Saan dapat magtungo ang aplikante? _______________
10. Anu-ano ang mga katangian dapat mag-aplay sa trabaho? _________



**Kung nakuha mong tama ay 20 pataas binabati kita, pasado ka kung mula 10 hanggan 19 ang nakuha mong tama ulitin mo ang mga ginawa mo sa modyul. Kung mababa sa 10 itanong mo sa iyong guro kung may modyul para sa pagkilala ng pandiwa at pang-abay at ito muna ang gawin mo.**